GABAY AT ALITUNTUNIN SA PAGGAMIT NG PANTAWID PASADA CARD

LAYUNIN: **ANG GUIDELINES FOR CARD USE (GFCU) NG PANTAWID PASADA CARD AY INISYU NG DEPARTMENT OF ENERGY (DOE) ALINSUNOD SA SECTION 16, RULE IV NG *IMPLEMENTING RULES AND REGULATIONS* NG *EXECUTIVE ORDER* NO. 32, *SERIES OF* 2011.**

I. PAGMAMAY-ARI

Ang Pantawid Pasada Card ("Card") ay pagmamay-ari ng Pamahalaan ng Republika ng Pilipinas.

II. RESPONSIBILIDAD NG MAKIKINABANG (BENEFICIARY)

Sa paggamit ng Card, sumasang-ayon ang BENEFICIARY sa mga panuntunan sa tamang paggamit nito. Ang Card ay kinakailangang alagaan at gagamitin lamang alinsunod sa mga gabay na nakapaloob dito sa GFCU.

III. CARD AT BISA NG LOAD

Hangga't hindi binabalik, nawala, o kinansela ng DOE, ang mga CARD ay may bisa mula Mayo 2011 hanggang Mayo 2016. Kapag hindi nagamit ang load ng Card sa loob ng anim (6) na buwan makalipas ang huling pagloload, ang load ng Card ay babalik sa kaban ng Pamahalaan.

IV. PAGGAMIT

Ang Card ay maaari lamang gamiting pambili ng produktong petrolyo sa mga istasyon ng gasolina kung saan mayroong nakapaskil na: "PANTAWID PASADA *CARD ACCEPTED HERE*." Ang Card ay maaaring gamitin ng sino man basta't ang sasakyang dala ay tumutugma sa numero ng plaka nakasaad sa Card. Pagkatanggap ng Card, mag-antay po lamang ng limang (5) araw bago gamitin upang bigyan ng sapat na panahon para mai-load ang halaga ng tulong.

V. MGA IMPORMASYONG NAKASAAD SA CARD AT IBA PANG MGA ISYU

Kinakailangan i-report ng BENEFICIARY sa DOE sa loob ng dalampu't apat (24) na oras mula sa pangyayari ang alin man sa mga sumusunod: (a) pagkawala ng Card, (b) ang hindi pagkatanggap ng Card sa mga istasyon ng gasolina, at (c) iba pang mga kahalintulad na pangyayari. Kung ang Card ay nawala o nasira, ang Beneficiary ay maaaring kumuha ng kapalit pagkatapos magsumite ng *Affidavit of Loss* sa DOE. Subalit kung ang pagkawala o pagkasira ay dahil sa kapabayaan ng BENEFICIARY, ang BENEFICIARY ay kinakailangang magbayad ng kaukulang *replacement fee* para makakuha ng kapalit na Card. Kung ang Card ay hindi tinanggap sa mga istasyon ng gasolina dahil depektibo, kailangan lamang isauli ang lumang Card sa DOE upang ito ay mapalitan ng bago.

Para sa mga karagdagang kaalaman o katanungan:

Tumawag: **(02) 984-6381**
I-email : **ptap@doe.gov.ph**
I-text:
Globe: 0917 556-0759; 0917 480-3488
Smart: 0947 392-5378
Sun: 0932 778-6494
Website: **www.doe.gov.ph/pantawid**

VI. MGA SUSOG

Kung sa pananaw ng DOE ay nararapat, maaring baguhin, dagdagan o amyendahan ang mga alituntunin na ito. Magiging epektibo ang mga pagbabago matapos itong mailathala sa isang pangunahing periodiko.

VII. MGA PAGTATAKDA

Kailangang ipakita ang Card bago makabili ng produktong petrolyo. Maaring tanggihan ng istasyon ng gasolina ang paggamit ng Card kung hindi sang ayon sa mga alituntunin nakapaloob sa GFCU na ito lalong lalo na ang paggamit ng Card sa sasakyan na may plakang hindi tugma ang numero sa nakasaad sa Card. Mapapawalang bisa ang load kung ang Card ay babaguhin o sisirain.

VIII. IBA PANG PANUNTUNAN

Maaring ipatigil o ipahinto ng DOE ang mga pribilehiyo na nakapaloob dito sa Card sa anumang oras at sa kung anumang kadahilanang ibibigay. Gayundin, maaaring ipabalik ng DOE ang Card ng walang anumang abiso at kinakailangang sumunod ng walang pasubali ng BENEFICIARY sa pagsasauli nito sa mga awtorisadong representante ng DOE. Sumasang-ayon ang BENEFICIARY na walang pagkakasala ang Pamahalaan ng Republika ng Pilipinas at ang DOE kung mangyari man ang mga naunang nabanggit o kahalintulad na pangyayari.